

Lunsod ng Morgan Hill – Pagsingil sa Utilidad
Patakaran sa Pagpapatigil ng Serbisyo ng Tubig sa Mga Tirahan
Panukalang-batas ng Senado Blg. 998
Seksyon 116900 - 116926 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan

Layunin/Pinagmulan:

Isinasaad ng patakarang ito ang mga pampangasiwaang pagkilos ng Pagsingil sa Utilidad ng Lunsod ng Morgan Hill para sa pagkolekta sa mga account na hindi nakabayad, kasama na ang mga paunawa, pagtatalaga ng bayarin at pagpapatigil ng serbisyo. Ang patakarang ito ay makikita ng publiko sa website ng Lunsod. Maaaring makipag-ugnayan sa Lunsod sa pamamagitan ng pagtawag sa 408-779-7221 upang talakayin ang mga opsyon para mapigilan ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Teksto ng patakarang:

Ang Lungsod ng Morgan Hill, bilang isang panlungsod at pangkomunidad na sistema ng patubig na tagapagtustos ng tubig sa humigit 200 na pinagsisilbihang koneksyon, ay pinamamahalaan sa pagpapatupad ng pangongolekta ng mga dilingkwenteng account ayon sa Panukalang-batas ng Senado Bil. 998, epektibo mula Pebrero 1, 2020, at sinusugan ng Panukalang-batas ng Senado Bil. 3 (2023).

Account na Hindi Nakabayad:

Pagkatapos nito, ang mga account na hindi nakabayad ay tutukuyin bilang anumang account na nanatiling hindi nagbayad (at hindi gumawa ng mga kasunduan sa pagbabayad o nagtakda ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad) sa pagsasara ng negosyo 25 araw pagkatapos ng pagbibigay ng bill sa tubig. Nalalapat ang mga sumusunod na panuntunan sa pagkolekta sa mga account na hindi nakabayad:

1. Bayarin sa Pagiging Huli:

Kung hindi matatanggap ang bayad para sa isang bill sa pagsasara ng negosyo sa ika-25 araw pagkatapos ibigay ang bill, magtatasa ng bayarin sa pagiging huli na 1.5%. Ipapakita sa bill ang takdang petsa at bayarin sa pagiging huli. Magtatasa ng 1.5% multa sa pagiging huli sa natitirang balanse sa ika-26 araw. Kung hindi matatanggap ang bayad para sa isang bill sa pagsasara ng negosyo sa ika-39 na araw pagkatapos ibigay ang bill, magtatasa ng \$19 na bayarin sa paunawa sa pagpapasara.

2. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad:

Ang sinumang kustomer na hindi makapagbayad para sa serbisyo ng tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling ng isang alternatibong kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang mga bayad sa pagka-huli o pagkaputol ng serbisyo. Ang Lungsod ay isasaalang-alang ang lahat ng mga bagay-bagay na nakapalibot sa hiling upang makagawa ng pagpapasiya tungkol sa kasunduan sa pagbabayad. Upang humiling ng kasunduan sa pagbabayad, tumawag sa 408-779-7221 (opsyon #3) o mag-email utilitybilling@morganhill.ca.gov sa loob ng 15 araw pagkatapos ng orihinal na takdang petsa.

3. Hindi dapat ipasara ng Lunsod ang serbisyo ng tubig kung matutugunan ang lahat ng sumusunod na kundisyon:

- a. Ang kostumer ay nagbigay ng sertipikasyon ng isang Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Internist, Pangkalahatang Manggagamot, Obstetrician/Gynecologist, Doktor ng Mga Bata, Doktor ng Pamilya, Klinika ng Pangunahing Pangangalaga, Ospital, o Klinika ng Outpatient) na nagpapatunay na ang pagwawakas ng serbisyo ay nakakamatay o magdudulot ng matinding banta sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang residente ng mga gusali kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig.
- b. Ang kostumer ay nagpakita ng kawalan ng kakayahang pinansyal na magbayad sa pamamagitan ng pagbibigay ng patunay na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan sa pederal na pamahalaan, kasama na ang pagpapatunay na ang sinumang miyembro ng sambahayan ay tumatanggap ng pampublikong tulong o nakasulat na pahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong sinumpaang pahayag.
- c. Pumasok ang kostumer sa isang kasunduan sa paghuhulog ng bayad o alternatibong iskedyl ng pagbabayad.

Dapat itigil ang serbisyo limang araw pagkatapos magpaskil ng panghuling paunawa sa ari-arian kung:

- i. Hindi sumunod ang kostumer sa kasunduan sa paghuhulog ng bayad; o
- ii. Hindi nabayaran ng kostumer ang mga kasalukuyang singil sa tirahan sa loob ng 60 araw o higit pa.

Ang mga kasunduan sa pagbabayad na aabot hanggang sa susunod na panahon ng pagsingil ay itinuturing na plano sa paghuhulog ng bayad, na kinakailangang isulat at pirmahan ng kostumer. Sa plano sa paghuhulog ng bayad, huhulugan ang balanseng hindi nabayaran sa takdang petsa sa loob ng panahong tutukuyin ng kostumer, na hindi lalampas ng 12 buwan mula sa orihinal na petsa ng bill. Ang mga naihulog na bayad ay isasama sa, at isasailalim sa takdang petsa ng, regular na bill ng kostumer. Dapat sundin ng kostumer ang mga tuntunin ng plano sa paghuhulog ng bayad at manatiling napapanahon dahil naiipon ang mga singil sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Ang kostumer ay hindi maaaring humiling ng karagdagang paghuhulog ng bayad sa anumang kasunod na hindi nabayaran singil habang nagbabayad ng mga singil sa hindi pagbabayad alinsunod sa isang plano sa paghuhulog ng bayad. Ang hindi pagsunod sa mga tuntunin ng isang plano sa paghuhulog ng bayad ay magreresulta sa pagbibigay ng nakasulat na paunawa ng pagputol. Ang paunawa ng pagputol ay nasa anyo ng isang pansabit sa pinto na ihahatid sa mga gusali, tawag sa telepono, o email na hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang pagpapatigil ng serbisyo.

4. Nakasulat na Paunawa ng Pagputol:

- a. Hindi dapat ipatigil ng Lunsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ang bayad ng kostumer ay hindi maibigay sa loob ng hindi bababa sa 60 araw. Makikipag-ugnayan ang Lunsod sa kostumer sa pamamagitan ng pagsulat o pagtawag

nang hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad. Magpapadala sa koreo ng nakasulat na paunawa ng pagputol sa mailing address na nakatalaga sa account. Kung magkaiba ang mailing address at ang address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig, magpapadala ng kopya ng paunawa sa address ng serbisyo at ipapangalan ito sa “Nakatira.”

Makikita sa nakasulat na paunawa ng pagputol ang:

- Pangalan at address ng kostumer
- Halagang hindi nabayaran sa takdang petsa
- Petsa kung kailan kinakailangan ang bayad o mga kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo
- Proseso upang mag-apply para sa pagpapalawig ng panahon upang mabayaran ang mga singil sa hindi pagbabayad
- Proseso upang humiling ng pagsusuri sa bill o ng apela
- Pamamaraan upang humiling ng alternatibong plano ng pagbabayad
- Numero ng telepono ng lunsod

Kung hindi makakaugnayan ng Lunsod sa pamamagitan ng telepono o koreo ang kostumer, dapat magsagawa ang Lunsod ng pagsisikap na may mabuting hangarin na bisitahin ang tirahan at iwan ang paunawa ng napipintong pagpapatigil dahil sa hindi pagbabayad at isang kopya ng patakarang ito.

b. Paunawa sa Mga Tenant/Nakatira sa isang Indibidwal na Nakametrong Tirahan

Magsasagawa ang Lunsod ng pagsisikap na makatwiran at may mabuting hangarin na ipaalam sa mga nakatira, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa, kapag hindi pa nababayaran ang account ng serbisyo ng tubig at isasailalim ito sa pagputol nang hindi bababa sa 10 araw bago ipasara ang serbisyo ng tubig. Ipapaalam ng nakasulat na paunawa sa tenant/nakatira na mayroon silang karapatang maging mga kostumer ng Lunsod nang hindi inaatasang bayaran ang kinakailangang halaga sa account na hindi nakabayad, hangga’t nakahanda silang akuin ang pinansyal na responsibilidad para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo ng tubig sa address na iyon. Upang iurong ang halagang dapat bayaran sa account na hindi nakabayad, dapat magbigay ang tenant/nakatira ng pagpapatunay ng tenancy sa anyo ng kasunduan sa pagrenta o patunay ng mga pagbabayad ng renta.

c. Paunawa sa Mga Tenant/Nakatira sa Complex na Maraming Yunit na Sineserbisyuhan sa pamamagitan ng isang Pangunahing Metro

Magsasagawa ang Lunsod ng pagsisikap na makatwiran at may mabuting hangarin na ipaalam sa mga nakatira, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa na isasabit sa pinto ng bawat tirahan, kapag hindi pa nababayaran ang account ng serbisyo ng tubig at isasailalim ito sa pagputol nang hindi bababa sa 10 araw bago ipasara ang serbisyo ng tubig. Ipapaalam ng nakasulat na paunawa sa tenant/nakatira na mayroon silang karapatang maging mga kostumer ng Lunsod nang hindi inaatasang bayaran ang kinakailangang halaga sa account na hindi nakabayad, hangga’t nakahanda silang akuin ang pinansyal na responsibilidad para

sa mga kasunod na singil para sa serbisyo ng tubig sa (mga) address na sineserbisyuhan ng pangunahing metro. Kung isa o higit pa sa mga nakatira ang pumapayag at may kakayahang akuin ang responsibilidad para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo ng tubig sa ikakasiya ng Lunsod, o kung may pisikal na pamamaraan, na legal na magagamit sa Lunsod, upang wakasan ang serbisyo ng iilan sa mga nakatirang hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa serbisyo, gagawin ng Lunsod na magagamit ang serbisyo ng mga nakatirang nakakatugon sa mga kinakailangang iyon. Kung ang nakasulat na paunawa ng pagputol ay ibabalik sa koreo bilang hindi maihatid, magsasagawa ang Lunsod ng pagsisikap na makatwiran at may mabuting hangarin na bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng paunawa ng pagpapatigil dahil sa hindi pagbabayad.

5. Mga Karagdagang Paunawa:

Bilang paggalang, magsasagawa ang Lunsod ng pagsisikap na makatwiran at may mabuting hangarin na abisuhan ang kostumer na nananatiling hindi nakabayad ang account sa takdang petsa at magsasagawa ng karagdagang pagkilos na pagkolekta nang humigit-kumulang 60 araw pagkatapos ng pagbibigay ng bill ng mga sumusunod na paunawa.

- Ang balanseng hindi nabayaran sa takdang petsa at ang takdang petsa ay ilalagay sa susunod na bill.
- Hindi bababa sa labinlimang araw pagkatapos ng orihinal na takdang petsa, magpapadala sa koreo ng nakasulat na paunawa ng hindi pagbabayad na may nakalagay na petsa ng pagbabayad upang maiwasan ang pagkaantala ng serbisyo.
- Magpapadala ng email ng pagpapasintabi nang hindi bababa sa 48 oras bago ang nakaiskedyul na pagpapasara para sa mga account kung saan nagbigay ng mga email address.

Walang responsibilidad ang Lunsod para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan na numero ng telepono o email na hindi napanatiling napapanahon ng kostumer.

6. Mga Account na May Maliit na Balanse:

Ang anumang balanse sa bill na mas maliit sa \$39 ay maaaring ipasa at idagdag sa susunod na panahon ng pagsingil.

7. Deadline ng Pagputol:

Dapat matanggap ng Lunsod ang lahat ng hindi nabayarang singil sa serbisyo ng tubig at nauugnay na bayarin pagsapit ng 5:00 p.m. sa araw na tinukoy sa nakasulat na paunawa ng pagputol.

8. Pagputol ng Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad:

Pagkatapos ng 60 araw ng hindi pagbabayad, puputulin ng Lunsod ang serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagpatay at pagkandado sa metro. Sisingilin ang kostumer ng bayarin sa pagsasara dahil sa hindi pagbabayad upang muling maitakda ang serbisyo sa sistema ng pagsingil, pisikal na pinatay man ang metro o hindi.

9. Muling Pagtatakda ng Serbisyo:

Upang maipagpatuloy ang serbisyong pinutol dahil sa hindi pagbabayad, dapat bayaran ng kostumer ang bayarin sa pagsasara dahil sa hindi pagbabayad. Magsusumikap ang Lunsod na muling maikonekta ang serbisyo sa lalong madaling panahon na praktikal ngunit, sa pinakamababa, ipapanumbalik namin ang serbisyo bago matapos ang susunod na regular na araw ng trabaho pagkatapos ng pagbabayad sa anumang halagang hindi nabayaran sa takdang petsa at mga bayarin sa hindi pagbabayad na maiuugnay sa pagwawakas ng serbisyo. Ang mga bayarin sa muling pagkonekta para sa mga sambahayang nagpapamalas ng kitang mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan sa pederal na pamahalaan ay dapat naaayon sa inilalarawan sa seksyon 116914 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, at maaari itong susugan paminsan-minsan. Ang serbisyo ng tubig na bubuksan ng sinumang tao maliban sa tauhan ng Lunsod o nang walang pahintulot ng Lunsod ay maaaring patawan ng mga multa o karagdagang singil o bayarin. Ang anumang pinsalang matatamo bilang resulta ng hindi awtorisadong pagpapanumbalik ng serbisyo ay responsibilidad ng kostumer.

10. Muling Pagtatakda ng Serbisyo Pagkatapos ng Mga Oras ng Negosyo:

Ang serbisyong ipapanumbalik pagkalipas ng 3:00 pm Lunes hanggang Biyernes, tuwing weekend, o tuwing piyesta opisyal ay sisingilin ng bayarin sa muling pagtatakda pagkatapos ng oras ng negosyo. Hindi ipapanumbalik ang serbisyo pagkatapos ng mga regular na oras ng negosyo maliban kung ipinaalam sa kostumer ang tungkol sa bayarin sa pagsasara dahil sa hindi pagbabayad pagkatapos ng oras ng negosyo at kailangan niyang tanggapin ang bayarin at sumang-ayon na makikipag-ugnayan sa departamento ng pagsingil ng Lunsod nang hindi lalampas sa tanghali ng kasunod na araw ng negosyo upang bayaran ang nasasaklawang bayarin. Ang tauhan ng lunsod na sasagot sa mga panserbisyong tawag ay hindi pinapahintulutang mangolekta ng bayad ngunit tuturuan nila ang kostumer na makipag-ugnayan sa departamento ng pagsingil bago ang tanghali ng kasunod na araw ng negosyo.

Kung minsan, itinitigil ang serbisyo ng tubig dahil ang serbisyo ay isang bagong account at walang natanggap na kahilingan ang Lunsod na magtakda ng serbisyo. Kung ipapanumbalik ang serbisyo pagkatapos ng mga regular na oras ng negosyo dahil magtatakda pa lang ng serbisyo ang kostumer, dapat sumang-ayon ang kostumer na makipag-ugnayan sa departamento ng pagsingil sa utilidad upang maitakda ang serbisyo sa susunod na araw ng negosyo at magtatasa ng bayarin sa muling pagtatakda pagkatapos ng oras ng negosyo. Kung ititigil ang serbisyo para sa anumang dahilang hindi tinukoy sa itaas, dapat ipanumbalik ang serbisyo nang mabilis hangga't maaari at pinapayuhan ang kostumer na makipag-ugnayan sa departamento ng pagsingil upang malutas ang isyu.

11. Paunawa ng Pagbabasura sa Ibinalik na Tseke:

Kapag nakatanggap ng ibinalik na tseke na kinuha bilang bayad sa serbisyo ng tubig o iba pang singil, ituturing ng Lunsod na hindi nabayaran ang account at isasailalim ito sa mga tuntunin sa pagputol sa itaas. Magpapadala ang Lunsod ng 24 na oras na paunawang pansabit sa pinto o ng email upang abisuhan ang kostumer tungkol sa ibinalik na tseke. Dapat ay cash o mga sertipikadong pondo ang lahat ng ibabayad na halaga upang ma-redeem ang isang ibinalik na tseke at upang mabayaran ang singil sa ibinalik na tseke.

12. Mga Ibinalik na Tseke para sa Dating Pinutol na Serbisyo:

Sakaling magbigay ang kostumer ng tsekeng hindi magagamit sa transaksyon bilang bayad upang ipanumbalik ang serbisyo ng tubig na dating pinutol dahil sa hindi pagbabayad at ipinanumbalik ng Lunsod ang serbisyo, maaaring agad na putulin ng Lunsod ang serbisyo nang hindi nagbibigay ng karagdagang paunawa. Walang ibibigay na 24 na oras na paunawa ng pagwawakas sa kaso ng isang tsekeng hindi magagamit sa transaksyon na ibinigay para sa pagbabayad sa mga singil sa tubig na isasailalim sa pagpapatigil. Ang sinumang kostumer na magbibigay ng tsekeng hindi magagamit sa transaksyon bilang bayad upang ipanumbalik ang serbisyong isinara dahil sa hindi pagbabayad ay aatasang magbayad ng cash o mga sertipikadong pondo upang mapanumbalik ang mga pagputol ng serbisyo sa hinaharap sa loob ng 12 buwan mula sa petsa ng ibinalik na bayad.

13. Mga Apela sa Bill:

Ang mga may-ari ng account na may mga tanong tungkol sa mga singil sa kanilang mga bill sa utilidad ay may karapatang makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Kostumer para sa paglilinaw o pagwawasto sa mga singil. Makakausap ang mga kinatawan Lunes-Biyernes 8:00 a.m. - 5:00 p.m. sa telepono sa 408-779-7221 (opsyon #3) o sa pamamagitan ng email sa utilitybilling@morganhill.ca.gov.

Maaaring iapela ng mga may-ari ng account ang isang bill sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na paunawa ng apela sa Form ng Apela sa Bill sa Utilidad. Makakakuha ng form nang personal o on-line sa <http://www.morgan-hill.ca.gov/> at dapat itong ihain sa Direktor ng Pananalapi ng Lunsod nang personal sa 17575 Peak Avenue, Morgan Hill o sa pamamagitan ng email sa utilitybilling@morganhill.ca.gov sa loob ng 20 araw mula noong matanggap ang orihinal na bill. Kung tututulan ng isang kostumer ang bill sa tubig at gagamitin ang kanyang karapatang umapela sa Direktor ng Pananalapi ng Lunsod, hindi puputulin ng Lunsod ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad habang nakabinbin ang apela.

